Headline	DOF nais itaas ang buwis sa alak
MediaTitle	Abante Online (www.abante.com.ph)
Date	18 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

DOF nais itaas ang buwis sa alak

BUKOD sa pagtataas ng buwis sa sigarilyo, nais din ng Department of Finance (DOF) na patawan ng mataas na excise tax ang alak.

Inilunsad noong Huwebes ng DOF at ng Department of Health (DOH) ang bagong kampanya ng Yosi Kadiri kasama si Senador Manny Pacquiao upang makakuha ng suporta sa pagtataas ng buwis sa yosi bago sana umupo ang mga bagong halal na mambabatas sa Hulyo.

“DOF and DOH are also proposing an increase in alcohol excise tax rates,” sabi ng DOF.

Ayon sa kagawaran, ang pagtataas ng buwis sa mga tinatawag nitong ‘sin’ product tulad ng sigarilyo at alak ang pinaka-epektibong pamamaraan para pigilan ang mga mahihirap na manigarilyo at maglasing.

“Price-sensitive consumers are those who are likely to be discouraged by higher prices from buying certain products,” sabi ng DOF.

Dahil konti lang ang pera ng mahihirap, baka maawat sila sa paninigarilyo at pag-iinom kung ibig sabihin nito ay wala na silang kakainin.

Itong panibagong pagtataas ng buwis ay ang pangalawang bahagi ng Comprehensive Tax Reform Program ng administrasyong Duterte.

Ang una ay ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law na nagtaas ng buwis sa petrolyo at iba pa na nagpasipa sa inflation rate o ang pagbilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin noong 2018. (Eileen Mencias)